# EU Chief Observer, Marta Temido, inilunsad ang kauna-unahang European Union Election Observation Mission sa Pilipinas

**Manila, 25 April 2025** – Opisyal na inilunsad ni Chief Observer, Marta Temido, ang European Union Election Observation Mission (EU EOM) sa Pilipinas ngayong araw sa isang press conference sa Maynila. Ito ay matapos ang kanyang limang araw na pagbisita sa bansa. Ang pagpapadala ng mga tagapagmasid ng halalan ay bahagi ng tugon sa imbitasyon mula sa gobyerno ng Pilipinas upang obserbahan ang nalalapit na halalan sa ika-12 ng Mayo 2025.

*"Ito ay ang kauna-unahang pagpapadala ng EU Election Observation Mission sa bansa na isang tanda ng mas matibay na relasyon ng Pilipinas at European Union. Ang aming presensya ay naglalayong makatulong na makamit ang mas inklusibo, tapat at mapagkakatiwalaang proseso ng halalan, na walang panghihimasok o pagpapatunay ng mga resulta galing sa EU EOM," sabi ni **Marta Temido**, na isang miyembro din ng European Parliament mula sa Portugal. "Sa aking pagbisita sa bansa, ramdam ko, ng aming core team na naka-base sa Maynila, at ng 72 na long-term observers, ang mainit na pagtanggap ng mga Pilipino," dagdag pa ni Chief Temido.*

Si Chief Observer, Marta Temido, ay nakipagkita sa ilang mga opisyal, organisasyon at mga indibidwal na may integral na parte sa halalan. Siya ay nakipagkita sa COMELEC, mga partidong politikal, mga kandidato at mga kasapi ng civil society at media. *"Ilang produktibong mga pagpupulong ang aking nasamahan sa Maynila at Cebu upang mas maintindihan ang mga preparasyon sa nalalapit na eleksyon. Ang aming 72 long-term observers ay nakipagkita na rin sa ilan pang kapartner sa buong bansa upang maghanda sa komprehensibong report na batay sa ebidensya at mga nakalap na impormasyon sa mga lugar na kanilang na-obserbahan,"* anya ni Chief Observer Temido.

Ang Election Observation Mission ay pundamental na bahagi ng mga aktibidad ng European Union upang isulong ang demokrasya, karapatang pantao at partisipasyong sibil sa buong mundo. "*Ang aming misyon ay base sa mga pangunahing prinsipiyo ng kalayaan, walang pagkampi, walang pagkiling, walang panghihimasok, kooperasyon at pakikipagtulungan sa bansang umanyaya sa aming misyon at mga mamayan nito. Ang mga prinsipyong ito ay ang aming gabay sa misyon sa bansa,"* sabi ni Chief Observer Temido.

Ang EU EOM sa Pilipinas ay nagsimula ng kanilang mga aktibidad nuong ika-18 ng Marso sa pagdating ng core team na binubuo ng isang dosenang mga taga-analisa, na sinundan ng 72 na long-term observers. Ilang araw bago ang halalan, 100 pang short-term observers ang darating sa bansa. At sa araw ng halalan, higit sa 200 observers ang magmamatyag ng eleksyon sa buong bansa. Ito na ang pinakamalaking grupo ng mga tagamasid ng halalan na ipinadala ng EU sa tatlumpung taon nitong pagsagawa ng election observation sa buong mundo. Kasama sa 200 daang tagapagmasid ay ang humigit-kumulang sa 20 na mga diplomat na nakabase sa Pilipinas mula sa EU Member States at sa Canada, Norway, and Switzerland.

Ang mandato ng misyon ay tignan ang lawak ng pagsunod ng mga aktibidad ng eleksyon sa batas ng Pilipinas at sa mga pangako nito sa pagsunod sa mga magandang gawi ng halalan at sa pagkamit ng demokratikong eleksyon. *"Ang Misyon ay nagmamasid at nag-aanalisa ng buong proseso ng halalan, kasama ang istrakturang legal, pagsasagawa ng eleksyon, teknolohiya sa automated election, pangangampanya – kasama ang papel ng media at social media – pagboto, pagbilang ng boto, at pagtanggap sa mga reklamo at apila,"* dagdag pa ni Temido.

Ang EU EOM ay nangangako na ito ay walang kikilingan at mananatiling susunod sa Declaration of Principles for International Election Observation at sa Code of Conduct ng International Election Observers. Ang Misyon ay maglalabas ng inisyal na ulat at magbibigay ng preliminary statement sa isang press conference sa 14 Mayo 2025. Ang pinal na ulat, na may kasamang mga rekomendasyon sa pagbuti ng mga susunod na eleksyon, ay ibabahagi ng mga nakasama sa pag-oobserba sa bansa at ilalathala sa mga susunod na buwan. Ang EU EOM ay esklusibong pinondohan ng European Union budget.

***For any additional information, photos or footage, please contact:***
*-**Michela SECHI**, Press Officer (English) michela.sechi@eueomphilippines2025.eu (+63) 995 367 4980*
*-**Rosana OMBAO**, Press Assistant (Filipino) rosana.ombao@eueomphilippines2025.eu (+63) 999 327 9639*

*Facebook – X – Instagram @EUeomPH2025*
*Website: philippines2025.eueom.eu*